# Prologue

"Hi! May kasama ka ba?"

Pinanood ni Bryce ang pagharap sa kanya ng napakagandang babae na kanina pa niya tinititigan simula nang dumating ito sa high society party na iyon na ginaganap sa ballroom ng isang hotel. Dahil nais niyang makilala ang estranghera kaya nilapitan niya ito nang makitang nag-iisa itong nakatayo sa isang sulok. Sandali niyang nalimutan ang paghinga nang salubungin ng magaganda nitong mata ang mukha niya. Pakiramdam niya ay parang tinamaan ng pana ang kanyang puso nang magtagpo ang kanilang mga paningin. Ni minsan, hindi pa niya naramdaman ang bagay na ito para sa kahit na sinong babae, kahit na sa mga nakarelasyon niya.

She truly was a beautiful woman. Maraming ibang babae sa party na iyon na magaganda rin pero ang isang ito… Parang may kung anong liwanag na nanggagaling sa mala-porselana nitong balat na umaakit sa kanya na parang magnet. She defined the word 'beautiful.'

Pagkatutok ng paningin ng babae sa kanyang

mukha ay nakita niya ang sandaling panlalaki ng mga mata nito bago ito muling kumalma. She looked as cool as a frozen cucumber.

"Meron," malamig na sagot nito bago lumakad palayo sa kanya. Tumayo ito sa tapat ng isa malaking bintana ng ballroom at tinanaw ang panorama sa labas.

Napakurap si Bryce nang ilang beses, hindi siya makapaniwala sa ginawa nitong pambabale-wala sa kanya. Hindi naman siya pangit, may hitsura pa nga. Isa siyang successful businessman, hindi kasing-unlad at katulad sa caliber ng papa niya na sentro ng party na ito, pero halos nagsisimula pa lang kasi siya. Sa madaling salita, kung may magustuhan siyang isang babae, all he had to do was crook his little finger and they would come running to him.

Pero ni hindi man lang siya sinulyapan uli ng babae.

Kung ibang babae lang ang gumawa niyon sa kanya, he wouldn't bother. But there was something about the woman that awakened an unfamiliar feeling in his heart. At hindi niya maalis iyon. Napasunod siya rito at pinanood ang tanawin kasama nito.

"Nice night, isn't it?" pilit pa rin niyang pakikipag-usap dito. "Gusto mo bang mamasyal sa labas?"

Isang maliit, magalang at malamig na ngiti lang ang isinagot nito sa kanya. "Hindi, baka kasi hanapin ako ng kasama ko."

"Surely, hindi mo naman kasalanan kung hahanap ka ng ibang kausap kung ganitong pinababayaan ka lang ng kasama mong 'yon para magliwaliw sa kung saan, di ba?" pagpupursige ni Bryce na nakatitig pa rin sa mukha ng babae at ibinibigay rito ang pinaka-charming niyang ngiti.

Ano kaya ang pakiramdam ng mahawakan ang pisngi nito? Malambot kaya iyon kagaya ng iniisip niya? At ang mga labi nito, nasarap kayang halikan? Gusto niyang malaman.

Pero imbis na matunaw dahil sa ngiti niya ay lalo lang nagyelo ang mga mata nito na tumutok sa kanyang mukha bago nagsalita. "Sir, kung ikaw ang lumagay sa posisyon ng kasama ko, matutuwa ka ba kapag nakita mo ang escort mo na sumasama sa iba sa gitna ng party?"

Namula ang mga pisngi ni Bryce. Hindi niya akalaing mapapahiya rito about what was ethical

and what was not.

"I thought not," sagot ng babae nang hindi siya makasagot. Muli siyang iniwan nito para lumabas sa isang balkonahe sa di-kalayuan.

Hindi siya tanga para maintindihan na hindi interesado sa kanya ang babaeng iyon. Wala siyang mararating dito, but he was determined to win her. Hinayaan muna niya ito. Lumapit siya sa bar kung saan tanaw ang balkonahe at tahimik niyang pinanood ang estranghera. Gusto niyang malaman kung ano ang iniisip nito, kung ano ang nararamdaman nito at mga gusto. Gusto niyang mapalapit dito, yakapin ito at hindi na pakawalan. At that moment, iisa lang ang sinasabi sa kanya ng puso at isip niya na minsan lang magkasundo.

She was the one.

"O, ano'ng nangyayari sa 'yo?" gambala ng boses ng best friend at business associate niyang si Edric habang tumatabi sa puwesto niya. "Para kang natuka ng ahas diyan."

Hindi niya pinansin ang katanungan nito at hindi rin inalis ang tingin sa estranghera. "Pare, kilala mo ba kung sino 'yung magandang babae na nakatayo

sa balcony?"

Tumingin ito sa direksyon na binanggit niya.

"Ah…" Napangisi ito nang ma-realize kung ano ang tumatakbo sa utak ng kaibigan. "Well, sa pagkakaalam ko, her name is Nadine Lazareno. Siya ang may-ari ng ilang art galleries sa ibang bansa and I heard she's an artist herself. Maganda talaga siya, ano?"

"Kilala mo siya?" interesadong tanong niya.

"Of course not!" mabilis na sagot nito.

Napakurap siya at kunot-noong ibinaling ang atensyon sa kaibigan. "Paano mo nalaman 'yon in such short notice?"

Napakamot ito sa batok bago sumagot, "Nagtanong-tanong ako sa paligid pagkatapos niya 'kong isnabin kanina nang sinubukan kong makipagkilala."

"You what!" Nakaramdam ng masidhing possessiveness si Bryce sa narinig. Ang isipin pa lang niya na may ibang lalaking lumalapit kay Nadine ay halos sumira na sa kontrol niya sa sarili. "Edric—"

"O, teka, calm down," natatawang putol ng

kausap, amused dahil sa naging reaksyon niya. Hindi nito inaasahan iyon. Ngayon lang nito nakitang ganito si Bryce para sa isang babae. "Hindi mo ba 'ko narinig? I said she snubbed me. Besides, hindi lang naman ako ang sumubok na lumapit sa kanya; halos lahat ng mga lalaki rito, may kasama man o wala, sumubok na makipagkilala sa kanya. Kung hindi nga lang may mga naging kliyente na siya rito, baka walang nakaalam talaga ng pangalan niya."

Lalo siyang naintriga. Bumangon ang bahagi ng pagkatao niya na mahilig sa challenges. Pinagmasdan niya si Nadine Lazareno nang may interes hanggang sa gambalain siyang muli ng isa pang boses.

"Kalilimutan ko na lang ang babaeng 'yan, if I were you."

Sabay na napabaling ang magkaibigan sa direksyon na pinanggalingan ng boses. Napasimangot si Bryce nang makita ang isa sa mga pinsan niya, nakangisi ito habang nakatingin sa kanya. Dahil may kinalaman ang sinasabi nito sa babaeng pinag-iinteresan ay itinago niya ang asar niya para sa lalaki. "Ow? Bakit? Huwag mong sabihing girlfriend mo 'yan."

Mapait na natawa lang ito. "Why don't you look again?"

Lalo siyang napasimangot pero muli niyang tiningnan ang kinatatayuan ni Nadine. Sa ikalawang pagkakataon ay tumigil sandali sa pagtibok ang kanyang puso, but for a completely different reason. Dahil sa balkonahe ay kasama na ngayon ni Miss Lazareno ang papa niya na kanina pa niya hinahanap. At habang nanonood siya, binigyan ng babae ng isang banayad na halik ang pisngi ng matanda saka isang malambing na ngiti.

Pakiramdam ni Bryce, nadurog ang kanyang puso.

"Masyado ka kasing madalas sa States kaya hindi mo naririnig ang mga bali-balita, eh," natatawang pahayag ng pinsan niya sa kanya habang pinapanood ang magandang babae at ang lalaking puwede na nitong maging ama na komportableng nag-uusap sa balkonahe. "The relationship started around over a year ago sa Paris kung saan sila nagkakilala. Dinig ko nga, tinutulungan rin daw 'yan ng papa mo kung paano maglaro sa stocks. I guess she's making it worth his while."

Hindi makahinga si Bryce, parang nawalan siya ng mga buto sa katawan sa nakikita. Si Nadine... babae ng kanyang ama? Logically, he should have expected na maghahanap at naghahanap ng female companionship ang papa niya. Hell, may reputasyon ang matanda sa mga babae na mas matindi pa sa kanya ilang taon matapos mamatay ang mama niya noong fourteen years old pa lang siya. There was absolutely nothing wrong with this!

Pero habang tinititigan niya ang dalawa, ang tanong na dumadaan sa utak niya ay…

"Bryce?" nag-aalalang untag ni Edric sa kanya.

Pero tumayo lang siya at kasing-lamig ng tono ng boses niya ang yelong bumabalot sa kanyang puso. "I'm ready to leave now."

Iyon ang unang pagkakataon na umamin si Bryce sa sarili niya... that he was heartbroken.…

# 1

Ninenerbyos si Nadine habang mag-isang hinihintay ang pagdating ni Bryce De Guia sa loob ng study kung saan nakasama niya si Simeon De Guia sa mga huling sandali ng buhay nito. Kamamatay lang ng matanda dahil sa stroke. It was the first time she cried in a long time.

Ang huling mga salita ni Simeon sa kanya was, *"Don't worry, Nadine, aalagaan ka ni Bryce...."*

Hindi niya maintindihan ang significance ng mga salita nito noong mga panahon na iyon. Kanina lang niya nalaman ang ibig sabihin ng matanda, sa will reading na hindi niya inaasahan na iimbitahan siya ng mga abogado nito. Ginanap sa study ang pagbabasa ng huling testamento nito.

Simeon De Guia entrusted her to his only son!

Kung buhay lang ito ngayon, baka siya na ang pumatay rito. Alam na alam naman nito na wala siyang balak na mag-asawa at lalong ayaw niyang mapangasawa si Bryce! Pero gumawa ng mga kondisyon ang matanda na, sa oras na hindi siya pakasalan ni Bryce, wala itong makukuha ni cinco.

Worse of all, wala kahit na sinong kamag-anak na pinamanahan si Simeon, pero iniwanan siya nito ng malaking halaga both in pesos and dollars at ilang malalaking properties. Even worse, sinabi sa testamento that they were expected to have children!

Mabuti na lang, habang naghihintay si Nadine sa binata at pagkatapos ng initial shock, nakaisip kaagad siya ng solusyon. Sana lang makausap niya nang maayos si Bryce.

Napalingon siya nang bumukas ang pinto ng silid at pumasok ang lalaking hinihintay niya. Gaya ng unang pagkakataon na nakita niya ito six years ago, tumalon ang kanyang puso bago tumibok nang mabilis. Nakilala niya kaagad noong unang beses na iyon kung sino ito dahil sa malaking resemblance nito sa yumao nitong ama noong kabataan nito. Pero ni minsan, hindi pa siya tinitigan ni Simeon nang may ganito kalaking muhi sa mga mata.

Mukhang mahihirapan siya rito.

"Ano'ng kailangan mo sa 'kin?" malamig nitong tanong.

Pilit niyang pinakalma ang damdamin at tinandaan ang lahat ng turo ni Simeon sa kanya. Huwag magpapakita ng kahinaan. Ginaya ni Nadine

ang tono na ginamit ng binata sa kanya. "Ang totoo, gusto kong makipag-usap sa 'yo."

Isang nanunuya at mapait na ngisi ang ibinigay nito sa kanya. "At ano pa ang dapat nating pag-usapan? May nakuha ka na naman sa pagkamatay ng papa ko, hindi ba?"

"Actually," pormal pa rin niyang balik, "I'm much more concerned about your part of the will."

Nagkatitigan sila na parang nagpapaligsahan.

Ilang sandali pang namayani ang katahimikan sa buong silid pagkatapos lumabas ng abogado. Tinititigan lang ng madidilim at matatalas na mata ni Bryce ang dalaga and she was calmly returning it. Hindi dapat magpatalo si Nadine dahil kung tama ang pagkakakilala niya rito, he would take that as a sign of weakness para tapak-tapakan siya. At hindi niya mapapapayagan na mangyari iyon.

Hindi ito ganoon kakisig kumpara sa ibang lalaking nag-alok na sa kanya ng kung anu-ano kapalit ang ilang pabor, pero may kung anong karisma ang buong pagkatao nito na nakakaakit sa kanya. Isang tingin pa lang at alam na niya na ito ang tipo ng lalaki na nakukuha ang lahat ng magustuhan kahit may damdamin itong masasaktan. Isang tao

na hindi alam kung ano ang ibig sabihin ng awa. The man was ruthless.

"So, masaya ka na ba?" basag ng mapait na boses ni Bryce sa katahimikan na pumapalibot sa kanila. "Ano'ng pakiramdam ng guluhin ang isang buong pamilya, Miss Lazareno? Ano na ngayon ang gagawin mo ngayong malaya ka na at mayaman pa? Are you planning to take on another lover? Maybe I should apply for the position."

Pinanatili ng dalaga na mahinahon ang sarili. Alam niya na para gumana ang kanyang plano, she had to appeal to this man's better nature. "Mr. De Guia, hindi ko hiniling na makipag-usap sa 'yo personally para magmalaki at tuyain ka. Believe me, I have better use for my time. Katulad mo, hindi ko rin naman ginusto ang sitwasyong 'to—"

"Oh, spare me!" putol ni Bryce habang disgusted na napapailing. "Paano mo nagagawang tumayo diyan at magsinungaling sa 'kin? Aminin mo na, pinlano mo ang lahat ng 'to para magkaroon ka ng mayamang asawa!"

"Please don't flatter yourself, Mr. De Guia," taas ang mga kilay na tugon ni Nadine. "Believe me, hindi ko kailangan ang pera ng pamilya mo para guminhawa ang buhay ko—"

"Pero pumatol ka sa papa ko!" marahas na sabad nito. Mapait at puno ng akusasyon ang tono nito. "Tell me na hindi ka desperado noong makipagrelasyon ka sa kanya! Walang matinong babae ang papatol sa isang lalaking kasing-edad na ng tatay niya unless gusto niya ng pera!"

Something told Nadine that there was more to the tone of his voice than mere anger. May halo itong mapait na akusasyon na para bang may nagawa siyang mortal na kasalanan dito.

Hindi na niya pinansin iyon; mas importante na makalabas sila sa bitag na iniwan ni Simeon. "Wala akong magagawa kung ano man ang gusto mong isipin tungkol sa 'kin. Pero may mas importante akong sadya sa 'yo."

"Damn you," mahina at marahas na angil ng binata, lalong pinasasakit ng malamig niyang pananalita ang damdamin nito. "What do you want from me?"

"Listen well, Mr. De Guia. First of all, kung gusto ko nga ng mayaman at respectable na asawa para maging respetadong social climber, matagal ko na sanang ginawa. I assure you, maraming nanligaw at nag-propose sa 'kin na mga lalaking mas mayaman pa kay Simeon o sa 'yo. Pangalawa, I don't need your

money; mayroon din ako niyan. Pangatlo, hindi ako masaya na walang iniwang kahit na anong pamana si Simeon sa immediate family niya kahit sabihin natin na they don't deserve it since kinukuwartahan lang nila si Simeon, and lastly, kung ano man ang relasyon naming dalawa ng 'yong ama, that's none of your business."

Pinanood ni Nadine ang pagningas ng mga mata ni Bryce pero hindi siya umatras. Hindi niya babawiin ang mga kanyang sinabi kahit pa nakikita niya ang matinding galit sa mukha nito. Nagmura na lang ito. "How could he do this to me? I'm his only son!"

"Well, you should have known better pagkatapos ba naman ng lahat ng mga kalokohang ipinaranas niya sa 'yo. Dapat mas naging handa ka sa maaaring mangyari." Napakibit-balikat siya. "Sa totoo lang, inaasahan ko nang gagawin niya ang bagay na 'to kaya hindi na 'ko masyadong nagulat kanina. Obvious na may pinaplano na siya noong isang buwan pa."

Tiningnan nito nang masama ang babae. "So you're admitting it, kasama ka sa pagpaplano ng lahat ng 'to!"

"Sinabi ko na sa 'yong hindi nga." Napatingin

si Nadine sa kisame at napailing dahil sa akusasyon ng kausap. "Kilala ko lang talaga ang pagkatao ng matandang 'yon so I can practically predict every move he makes. Kaya naman naghanda na 'ko kung sakaling mangyari ang bagay na 'to."

Nakuha niya ang ang buong atensyon ni Bryce. "You have a solution? Ano?"

Huminga siya nang malalim para mag-ipon ng lakas ng loob bago sumagot dito. "Let's get married."

"What!" gitlang bulalas nito.

Muntik nang matawa si Nadine sa nakitang incredulity sa mukha ng kaharap niya. Mabuti na lang at magaling siya sa pagpipigil sa sarili; ayaw man niyang aminin pero talagang makisig ang lalaking ito. At kung paniniwalaan niya ang lahat ng mga kuwento ni Simeon, isang malaking isda si Bryce sa marriage market na pinag-aagawan ng mga babae.

"O, relax ka lang," nanunuya niyang saad nang wala itong ginawa kundi ang tumitig lang sa kanya. "Marrying me couldn't be so terrible, could it?"

Blangko pa rin ang mukha ni Bryce. "Call me slow pero hindi ko pa maintindihan. Akala ko ba sinabi mo na hindi ka kasama sa pagplano ng

kalokohang 'to?"

"And I wasn't lying."

"Then what do you mean when you said 'let's get married'?" asik nito. "Nagbago na ba ang isip mo noong makita mo 'ko?"

Tiningnan muna ito ni Nadine na tila napapantastikuhan bago sumagot, "Of course not."

Napasimangot ang lalaki. "Kung pinaglalaruan mo lang ako then I suggest you stop. Wala ako sa mood."

Napangiti siya. "Masyado ka namang suplado."

"Akala ko ba ayaw mo ring magpakasal sa 'kin?" maasim na tanong nito. "That condition in the last will and testament is absurd! Kailangang mapawalang-bisa ang testamentong 'yan! Surely, may batas na hindi pumapayag sa ganitong kalokohan?"

"Hah! Sinabi ko na sa 'yo, mas kilala ko papa mo kaysa sa 'yo and believe me when I say na siguradong nakagawa na siya ng mga counter-measures tungkol sa mga bagay na pinaplano mo," pahayag niya saka humalukipkip. "If you're going to try and turn the will because you think your father was insane when he wrote it, hindi ka rin mananalo kahit 'yung

pinakamagaling pang abogado ang kukunin mo.

"I'm telling you, Mr. De Guia, ilang linggo bago siya namatay, nagpatingin siya sa ilang doktor at lahat sila binigyan siya ng clean bill of health maliban na lang sa high blood pressure niya. Lahat sila ay nag-declare na he was mentally stable enough para gumawa ng mabibigat na decisions. Wala ka ring panalo r'on.

"Isa pa, mapawalang-bisa mo man ang will, wala rin 'yong maidudulot na maganda sa 'yo. Of course, you wouldn't have to marry me pero mapupunta ang lahat ng mga ari-arian niya sa isang charity na pipiliin ng mga abogado ninyo. It would leave you with no right to demand the property back."

"And you think that the only solution to this problem is for me to marry you?" nakasimangot pa ring tanong nito. Sa nababasa ni Nadine sa mga mata ng lalaki ay nare-realize nito na tama ang lahat ng mga sinabi niya. "That's really flattering pero—"

"Ang drama mo naman," exasperated na komento niya. "Para kang babae."

"Of course not!" angil ni Bryce, obviously affected. "Hindi lang ako sang-ayon sa pag-aasawa, wala pa 'kong mga plano tungkol sa bagay na 'yon!"

Umikot ang kanyang mga mata dahil sa inis. "Kung makapagsalita ka ay para kang bibitayin, hindi mag-aasawa."

Lalo itong naasar sa kanya. Tiningnan lang siya nito nang masama bago ibinaling ang tingin sa bintana at tinanaw ang hardin.

Napangiti ang dalaga. Hindi niya alam kung bakit but she found this man utterly adorable, sayang lang at wala talaga siyang balak mag-asawa. "Isa pa, it's not like na pinaplano kong makasal sa 'yo habang-buhay."

Napakurap si Bryce at tumingin muli sa kanya. "What?"

Nagtaasan ang mga kilay niya, inalis ang mga braso sa pagkakahalukipkip. "Hello? Hindi ka pa ba nakakarinig ng annulment sa Pilipinas?"

Natigilan ito na parang hindi nito naisip ang bagay na iyon. Pero sandali lang iyon bago muling nanilim ang mukha nito at sinagot siya gamit ang isang mapait na tono. "Kung sana gan'on lang kasimple 'yon. Hindi mo ba narinig kung ano ang nakasulat sa mga dokumentong naiwan ni Papa? Required tayong magkaroon ng anak! Hindi tayo puwedeng basta na lang maghiwalay, paano naman

ang bata?"

Kalmado lang na sinalubong ni Nadine ang tortured na mga mata ng lalaking kaharap bago sinabi rito ang solusyon niya. "Pero what if I'm barren?"

Gulat na nanlaki ang mga mata nito at tumitig sa kanya nang matagal. "Sh*t! Bakit di ko naisip 'yon?"

Tumango si Nadine. "Sa pagkakaalam ko, only child ka. At malinaw na nakalagay sa testamento ni Simeon na kailangang magpatuloy ang lahi ng pamilya n'yo sa pamamagitan mo. Kailangan mo talagang magkaanak kahit na ano'ng mangyari since obligasyon mo 'yon. Kapag lumipas ang ilang taon at idineklara nating maghihiwalay na tayo, puwede nating sabihin na dahil 'yon sa baog ako. That way your ownership of your father's properties will be absolute lalo na kapag naipakita mo na karapat-dapat ka ngang tagapagmana."

Napasimangot ito habang iniintindi ang plano niya. "You're offering me a marriage of convenience, is that it?"

"Yes." Kaswal na nagkibit-balikat ang babae na para bang hindi mabigat na problema ang dala

ng testamento ni Simeon. "Sa palagay ko, pareho nating hindi kailangan ang gan'ong klase ng komplikasyon—a real marriage."

Ilang sandaling nanahimik si Bryce bago huminga nang malalim saka muling nagsalita. Mas mahinahon na ito ngayon. "But what about your reputation? Kapag naniwala silang lahat na baog ka, masisira ang reputation mo, baka hindi ka na makapag-asawa uli."

"Mr. De Guia, sa 'yo na rin nanggaling. I have no reputation." Nginitian niya ito. "Isa pa, sino ba ang may sabi na gusto kong mag-asawa?"

"Most women want to marry."

"Well, let me tell you this," balik ni Bryce. "I'm not like most women."

# 2

*"I'm not like most women."* Iyon ang mga salita ni Nadine na umaalingawngaw sa isip ni Bryce.

*I suppose it's true*, mapait na naisip niya habang tinititigan ang napakagandang babae na, kahit hindi niya aminin, ay laman ng bawat panaginip niya nitong nakaraang anim na taon simula noong una niya itong makita sa party na iyon. Nadine really wasn't like most women. Dahil ilang babae ba ang mas gugustuhing pumatol sa mga lalaking puwede na nilang maging ama kaysa sa mga lalaking katulad niya?

At ngayong patay na ang beneficiary nito, nakagawa naman ito ng paraan para magpalit ng bagong target. Hindi niya alam kung paano nito nakumbinsi ang papa niya na gawin ang gusto nito. Pero hindi siya papayag na maging kasangkapan lang ng mga ito.

Kunot-noong tinitigan ng lalaki ang kausap at nabasa ni Nadine sa mga mata nito ang pagdududa at curiosity. "Pero bakit? Bakit mo 'to ginagawa? What about the money, aren't you even interested?"

"Sinabi ko na sa 'yo kanina," nangingiting sagot ni Nadine. "Wala akong interes sa pera lalo na ang pera ng mga De Guia because I have my own money. I think you deserve it. Kampante ako na hindi mo sasayangin ang pera at mga pinaghirapan ni Simeon at 'yon lang naman ang kinatatakutan ng matandang 'yon, eh. Ang mapunta lang sa wala ang lahat ng pinaghirapan niya dahil sa pagwawaldas ng asawa at mga kamag-anak niya."

Naningkit ang mga mata nito. "Para yatang marami siyang binanggit sa 'yo tungkol sa personal na buhay niya. Ano ba talaga ang naging relasyon mo kay Simeon?"

"Sinabi ko na sa 'yo," ani Nadine na tumuwid ng tayo, "that's none of your business."

Nanilim muli ang mukha ng binata. "Business ko 'yon dahil oras na pakasalan kita, your reputation will be my reputation, too!"

"Sa tingin mo ba may pakialam doon si Simeon? Kung may pakialam siya tungkol sa reputation ng kahit na sino, then hindi na sana niya iniwan ang huling testamento na 'yon." mahinahong balik niya. Pinanood niya ang simangot sa mukha ni Bryce at muntik na siyang mangiti. It was obvious na hindi sanay ang lalaking ito na pinagkakaitan ng kahit

ano. "So do we have a deal, Mr. De Guia?"

Ilang sandaling tiningnan lang nito ang kamay niyang nakalahad na tila tinitimbang sa isip ang mga pros at cons ng kasunduang pinapasok nila, pero hindi nagtagal at tinanggap na rin nito ang kamay niya. "It's a deal."

Natuwa si Nadine. Akala niya ay ayos na ang lahat, pero nagkamali siya nang bigla siyang hilahin ng lalaki at napinid siya sa malapad nitong dibdib. Gulat siyang napatingin sa mukha nito. Nakatitig ito sa kanya.

"Ano ba sa tingin mo ang ginagawa mo?" malamig niyang tanong sa kabila ng biglang pagbilis ng tibok ng kanyang puso.

"Shh…" magaspang na bulong ni Bryce habang lumalapit ang mga labi nito sa kanya. "Gusto ko lang makatikim ng hindi ko puwedeng makuha oras na makasal tayo."

At bago pa siya nakalayo rito ay hinuli na nito ang mga labi niya sa isang mainit na halik na pumaralisa sa buo niyang katawan.

*Mainit…* iyon ang unang bagay na rumehistro sa isip ni Nadine nang dumampi sa mga labi niya ang bibig ni Bryce. Instinctively, tinangka niya itong

itulak pero hindi siya pinayagan ng malalakas nitong braso na nakayakap sa kanya.

Bumuka ang kanyang mga labi para tumanggi, pero sinamantala lang iyon ng binata para laliman ang halik at lalo pa siyang ilapit sa matikas nitong katawan na parang kayang-kaya siyang durugin. Takot ang namayani sa kanyang puso; ni minsan sa buong buhay ni Nadine, hindi pa siya nahahalikan ng kahit na sinong lalaki. Sa tuwing may magtatangka sa kanya, nagagawa naman niyang protektahan ang sarili. Pero ang lalaking ito... hindi ito tatanggap ng rejection. He wanted complete surrender.

Hindi niya mapigilan ang sarili na malasing din sa halik na iyon. Hindi pa niya nararanasan ang ganitong init. Pero habang lalong nagugutom ang mga halik ni Bryce sa kanya, nabawi naman ng takot ang pagnanasa na nararamdaman niya. Ang takot na baka mahulog ang loob niya rito.

At iyon ang nag-iisang bagay na hindi niya maibibigay rito... hinding-hindi. Nang maramdaman niyang nagsisimula nang magbago ang posisyon ng mga braso nito para mayakap siya nang mas mahigpit, she pushed him away.

Gulat itong napaungol at napatitig sa kanya nang may gutom sa mga mata at sandaling nakalimutan

ni Nadine ang huminga. Gusto ulit niyang marinig ang maliit na ungol na iyon. Nahihibang na siya! Lalo siyang natakot sa nararamdaman niya. At upang mapagtakpan iyon, binigyan ng malakas na sampal ang binata.

"I hate you!" nanginginig sa galit na singhal ni Nadine. Nadismaya siya nang maramdaman ang luhang nagsisimula nang mangilid sa mga mata niya. "You're nothing but a pig! A damned filthy pig!"

Parang gutom na hayop namang pinanood lang ni Bryce ang mga labi niya. His tongue licked his lips na para bang natitikman pa rin ang kanyang mga labi roon. Nanginig ang buong katawan ng dalaga habang pinapanood ang mga kilos nito. Never in her life did she feel such giddy sensations.

Bryce De Guia was a dangerous man. Bakit ba gusto ni Simeon na pakasalan niya ang anak nito? Hanggang sa kahuli-hulihan ba, pulos sakit pa rin ang gustong ibigay sa kanya ng matandang iyon? Hindi pa ba sapat ang lahat ng pinagdaanan niya dahil dito? Damn him!

"Huwag ka ngang maarte diyan," malamig na sagot ng binata nang basagin nito ang nakakabinging katahimikan sa pagitan nila. "Sa tingin ko naman mas malala pa d'on ang ginagawa mo kasama si

Papa, di ba?"

Pinaningkitan niya ng mata ang lalaking kaharap saka malamig ding sumagot. "Tandaan mo lang, sa oras na i-violate mo ang parte na 'to ng kontrata natin, tatapusin ko ang lahat. And then, mawawala rin sa 'yo ang lahat ng pinaghirapan mo!"

Sumimangot ito. "I'm a man. Sinasabi mo ba sa 'kin na kailangan kong magtiis ng kung ilang taon hanggang sa magkahiwalay tayo before I can have sex again?"

"Hindi kita pinipigilan na makipagrelasyon sa iba," balik niya, itinatago ang panginginig ng mga kamay sa pamamagitan ng mahigpit na paghawak sa kanyang bag. "Just do it discreetly dahil oras na maghinala ang mga abogado ni Simeon na niloloko lang natin sila, mababale-wala rin ang lahat."

Gulat na nanlaki ang mga mata ni Bryce sa narinig. "Ayos lang sa 'yo na sumama ako sa ibang babae?"

"I'm well aware that a man has… needs, Mr. De Guia," tugon niya, tahimik na nagpapasalamat na bumalik na rin sa dating timbre ang boses niya. "Kailangan lang nating magmukhang kasal at nagmamahalan sa harapan ng ibang tao. What you

do after that is your own business, not mine. All I'm expecting from you is discretion."

Magkakahalo ang mga emosyon na dumaan sa mukha ni Bryce, pero nanatiling nakatuon sa mukha niya ang madidilim na mata nito.

"Then fine," sa wakas ay hayag nito. "We have a deal."

"Good." Tumangu-tango pa siya. "I'll go ahead. Thanks for your time, Mr. De Guia."

Namumula ang mukha ni Nadine na lumabas ng silid. Pagkasara ng pinto ay napahawak siya sa kanyang dibdib, mabilis pa rin ang tibok ng puso niya.

Ngayon pa lang, nagsisimula na siyang magsisi sa ginawa niyang arrangement.

NANG UMALIS si Nadine sa silid, ilang beses na minura ni Bryce ang sarili niya. Ano ba sa tingin niya ang ginagawa niya? Was he out of his mind? Bakit niya hinalikan ang babaeng iyon? At ang masakit pa, kung hindi lang ito nakawala sa kanya, baka kung ano na ang nangyari sa kanilang dalawa! He was an idiot!

Six years ago noong gabing malaman niya kung ano ang relasyon nito sa kanyang ama, sumumpa siya na hinding-hindi siya maloloko nang ganoon ng isang babae. He made it a point never to let any woman expect anything but sexual gratification from him. Isa iyong batas para sa kanya at, sa unang meeting pa lang, he made that plain and clear.

But less than twenty minutes with Nadine Lazareno in this room at nabasag lahat ng mga pader ng puso niya na parang gawa lang sa baraha! Damn her! She was a witch; that could be the only explanation!

Bumalik siya sa sala kung saan naghihintay ang kanyang mga kamag-anak.

"Bryce, ano'ng nangyari? Ano ang napag-usapan n'yo ng haliparot na 'yon?" salubong sa kanya ni Tita Celina. Ito ang kapatid ng kanyang ina na hindi na nakapag-asawa. "Sana may plano ka na para hindi matuloy ang kalokohang 'to."

"Hindi ka naman papayag na makuha ng babaeng 'yon ang lahat ng ari-arian ni Uncle Simeon, di ba?" sabi naman ng isang pinsan niya. "Please tell me you have a plan!"

Huminga muna siya nang malalim bago

nagsalita, "I'm sorry. Pero wala na 'kong magagawa. Nakipag-usap na 'ko sa mga abogado at napatunayan nila na fool-proof ang lahat ng mga dokumento at malinaw na malinaw ang lahat ng utos ni Papa. There's no way out."

"Then let's go to court!" sigaw ng isang tiyuhin niya na namumula pa sa galit. "Siguro naman susuportahan mo kami kapag dinala namin 'to sa korte, Bryce."

"Oo nga!" sabat ng isa sa mga tiyahin niya. "At least, kapag napawalang-bisa natin ang last will and testament ni Simeon, mapaghahati-hatian pa natin ang mga naiwan niyang ari-arian at pera!"

"Tama 'yon! Hindi tayo puwedeng pumayag!" sabi pa ng isa niyang tiyuhin.

"Kung sa inyo'y ayos lang na magwaldas ng pera, sa 'kin… hindi," malamig niyang turan sa mga kaanak. "Hindi ako mag-aaksaya ng pera sa mga walang kakuwenta-kuwentang bagay."

Gulat na natahimik ang mga kaharap at napatitig sa kanya. Hindi makapaniwala ang mga ito sa narinig.

Ang Tita Celina niya ang bumasag sa katahimikan. "Bryce, ano ba ang sinasabi mo? Kailan

ka pa natutong magsalita ng ganyan? Nagbibiro ka lang, di ba?"

Imbis na umayon sa tiyahin ay binigyan ito ni Bryce ng isang mala-yelong tingin na bahagyang nagpaatras dito. "Mukha ba 'kong nagbibiro, Tita?"

Lalong nasindak ang mga kamag-anak niya at muli ay hindi nakapagsalita. Wala silang magawa kundi ang titigan lang siya, iniisip kung hahamunin o susunod.

"P-pero, Bryce, ano ang binabalak mong gawin kung gan'on? Huwag mong sabihin na pababayaan na lang natin na makuha ng babaeng 'yon ang pera ng papa mo?" napapalunok na tanong ni Tita Celina.

"Siyempre hindi ko hahayaang mangyari 'yon," kaswal na sagot niya. "That's why I'm going to marry her."

Gimbal na napasinghap ang mga kamag-anak niya dahil sa anunsyong iyon. Galit na sinumbatan ni Tita Celina ang pamangkin.

"No! Absolutely not! Hindi pa ba sapat na inagawan na niya ng asawa ang kawawa kong kapatid? Pati ba naman ikaw ay kailangan pa niyang bingwitin? Bryce, ano na lang ang sasabihin ng mama mo kung buhay pa siya ngayon?"

Napasimangot si Bryce, pumasok na rin sa isip niya ang bagay na iyon. Mabait ang mama niya at hindi nito ipagkakait sa kanyang ama na muli itong lumigaya lalo pa't matagal nang pumanaw ang ginang. Pero ano kaya ang sasabihin nito kung malalaman nito na ipinipilit ng papa niyang ipakasal ang parehong babae na kinasama nito sa kanya?

Ni ayaw niyang isipin.

"Tita, naiintindihan ko ang nararamdaman ninyo. Pero wala na tayong ibang magagawa kung gusto nating mabawi ang mga ari-arian ni Papa," katuwiran niya.

"Of course there's a way!" tili ni Tita Celina. "Hindi mo kailangang pakasalan ang… ang… ang napakaruming babaeng 'yon! Bakit hindi mo na lang gawin ang sinasabi ng mga tito mo at ipawalang-bisa ninyo sa korte ang huling habilin ng papa mo?"

"Imposibleng magawa pa natin 'yon, Tita," mahinahong paliwanag ng binata. "Wala tayong prueba na wala nga sa tamang pag-iisip si Papa noong gawin niya ang huli niyang testamento. Isa pa, kung kilalang-kilala ko siya, siguradong natakpan na niya ang lahat ng butas para d'on. Papa was old, Tita, not stupid."

"No! Hindi ako papayag!" Halos lumuwa ang mga mata nito sa galit. "Hindi ako papayag na magpakasal ka sa p*tang 'yon! Mamamatay muna ako bago mangyari 'yon!"

"I'm sorry, Tita, pero nakapagdesisyon na 'ko." paghingi niya ng paumanhin dito at tumingin sa abogado na kanina pa nakikinig sa kanila. "Pumayag na si Nadine na sundin ang nakalagay sa kasulatan."

"Of course, susundin niya kung ano ang nakalagay sa kasulatan!" mapait na tili ni Tita Celina. "Kahit na ano'ng piliin niya, pakasalan ka man niya o hindi, malaki ang makukuha niya! Samantalang kami, wala man lang matatanggap ni cinco!"

Napaiwas siya ng tingin dito. "I'm sorry, Tita."

Iniwan ni Bryce na nagkakagulo ang mga kamag-anak niya sa sala at sumunod sa mga abogado para ayusin na ang mga papeles na kailangan upang maipagpatuloy ang operations ng mga kompanyang iniwan ng papa niya. Nakapagdesisyon na siya at wala na siyang dahilan para umatras.

# 3

Officially engaged na sina Nadine at Bryce. They were seen dating in public to let the people know they were attracted to each other at upang walang makapagsabi na isang malaking panloloko lang ang magiging kasal nila. It was a disturbing situation, pero wala nang magagawa ang dalaga. Kailangan niya itong gawin bago siya tuluyang makalaya. Isa lang naman ang gusto niyang mangyari—ang maibalik ang kabutihang-loob na ipinakita sa kanya ni Simeon kahit na sa ganitong paraan man lang.

Hinahanda na ang lahat ng detalye para sa kasal. Everything was just about ready kaya dapat na rin niyang ikondisyon ang sarili niya. Akala niya ay ayos na sa mga kamag-anak ni Bryce ang lahat hanggang sa biglang dumating si Celina Pedro sa isang gallery niya.

Itinulak nito sa isang tabi ang kawawa niyang sekretarya at walang paalam na pumasok sa opisina niya. Pero sa kabila niyon ay mahinahon pa rin niyang sinalubong ang nagngangalit nitong mukha at pormal na binati.

"Good afternoon."

"P-pasensya ka na, Ma'am Nadine!" takot na nasabi ng sekretarya niya habang binabato si Celina ng galit na tingin. "Hindi ko siya napigilan, tatawagin ko lang po ang security."

"No, don't bother," iling naman niya rito. "Bumalik ka na lang sa lamesa mo, pasensya ka na rin at naging bastos ang bisita ko."

Tumango ito at naiwan siya sa opisina kasama ang nakatatandang babae. Ni hindi na siya tumayo mula sa kinauupuan niya. "Yes, may I help you?"

Napansin niyang naggitgitan ang mga ngipin nito dahil sa pagpapakita niya rito ng kawalan ng galang pero dumerecho na rin ito sa punto. "Hindi na 'ko magpapaliguy-ligoy pa. I want you to call off this ridiculous engagement with my nephew!"

Nagtaasan ang mga kilay niya sa narinig. "Hindi ho ba dapat ay pamangkin ninyo ang pinupuntahan ninyo tungkol sa bagay na 'to?"

"Alam mo na hindi siya papayag!" asik nito. "Hindi ko alam kung ano ang ipinakain mo kay Bryce, but I want you to stop this foolishness now!"

"Pasensya ka na, Miss Pedro, pero I don't think na makakaatras pa 'ko kahit na gustuhin ko pa."

"Liar!" tili ng nakatatandang babae. "You seduced him kagaya ng ginawa mo sa brother-in-law ko!"

"Isipin n'yo na ang gusto n'yong isipin," malamig pa ring saad ni Nadine. "Kung gusto niyang mabawi ang lahat ng pamana para sa kanya, I'm afraid your nephew has no other choice but to marry me."

"Walanghiya ka talagang babae ka!" Sinugod siya ni Celina na namumula na sa sobrang galit at nakaangat na ang kamay nito para sampalin siya.

Ni hindi umilag si Nadine. Alam niya kung ano ang history ni Celina, ni Simeon, at ng asawa nito. Inihanda na niya ang sarili kaya ni hindi man lang siya nag-react nang masakit na dumapo ang palad ng bisita sa pisngi niya. Ang hindi niya inaasahan ay ang galit na galit na boses na sumunod sa pag-alingawngaw ng sampal.

"Tita!"

Inangat niya ang mga mata at nakita sa pintuan ng opisina niya si Bryce na may kasunod na isa pang matangkad na lalaki na tila nagitla sa mga nangyayari. Bago pa siya nakapag-react, kaagad na nakalapit si Bryce sa tiyahin nito at mahigpit na nakahawak sa braso ng nakatatandang babae.

"Bryce!" gulat na gulat na tawag ni Celina sa pamangkin. "A-ano'ng ginagawa mo rito?"

"Just what the hell do you think you're doing, Tita?" angil ng binata. "Ano ba sa mga sinabi ko noong i-announce ko ang engagement namin ang hindi ninyo naintindihan?"

Napalitan ng galit ang gulat sa mukha ng tiyahin at nagsimula itong magpumiglas sa hawak ng pamangkin habang tinatapunan ng masasamang tingin si Nadine.

"Hindi! Nilason lang ng babaeng 'yan ang isip mo, Bryce, hindi mo ba nakikita? Sa tingin mo ba ginagawa niya lang ang lahat ng 'to dahil concerned siya sa 'yo? Ikaw na babae ka! Sabihin mo sa kanya ang totoo! Makonsyensya ka naman kahit minsan man lang sa buhay mo!"

Sinalubong ni Nadine ang mga mata ni Bryce at binigyan niya ito ng isang maliit na nanunuyang ngisi bago sumagot. "Tama po kayo. Hindi ko nga 'to ginagawa dahil concerned ako sa pamangkin ninyo."

Nanlaki sa matinding galit ang mga mata ni Celina. "Narinig mo 'yon, Bryce? Narinig mo ba 'yon?"

"Tita, tama na!" galit na galit ng sigaw ng binata

sa tiyahin. "Wala na 'kong pakialam sa mga dahilan niya, nakapagdesisyon na 'ko. We're getting married, that's final!"

"Okay ka lang ba?"

Napatingin si Nadine sa nagtanong sa kanya at nakita niyang katabi niya ang lalaking kasama ni Bryce na pumasok ng silid. Wala siyang nakitang kahit na anong malisya rito at nararamdaman niyang totoo ang concern nito para sa kanya kaya magalang niya itong sinagot. "Of course."

"Pasensya ka na, ha?" sabi nitong napakamot pa sa batok. "Ako nga pala ang magiging best man sa kasal ninyo, sinundo kasi ako ni Bryce ngayong umaga. Nang bumalik kami sa mansion, nalaman namin na sinugod ka na rito ni Tita Celina. Ako nga pala si Edric."

"And I'm Nadine." Tumango siya rito at ngumiti. Magugustuhan niyang maging kaibigan ang lalaking ito. Hindi siya nito tinitingnan na para siyang isang gamit o isang kaaway na dapat durugin. Wala siyang ibang nakikita sa mga mata nito kundi isang malalim na curiosity at paggalang na huli niyang nakita sa mukha lang ni Simeon. "It's nice to meet you."

"Edric." Napatingin silang dalawa sa direksyon

ni Bryce na nakahawak pa rin sa tiyahin nito dahil sa talas ng tono ng boses ng lalaki. Naningkit nang kaunti ang mga mata ni Nadine dito nang makita ang paninilim ng makisig nitong mukha. "Pakihatid mo na nga muna sa bahay si Tita."

Dumaan ang isang realization sa mukha ni Edric bago ito napangiti at napailing sa kaibigan. "Sure. It was nice meeting you, Nadine, I'll see you at the wedding."

Tumango siya rito at pinanood ang halos pakaladkad na alalay na ginagawa ng lalaki sa nakatatandang babae na nanlalaban pa rin.

"Ayoko! Hindi ako aalis rito hangga't hindi ibinabalik ng babaeng 'yan ang pera ng mga De Guia! Hindi mo ba 'ko narinig? I said let me go!" hiyaw ni Celina.

Naiwan sila ni Bryce sa loob ng tahimik na silid. Ito ang unang pagkakataon na nagkasama uli sila nang silang dalawa lang simula noong araw ng will reading. Ang mga pagsasama nila nang mga sumunod na araw ay panay public appearances na dinisenyo nila para mapaniwala ang mga tao tungkol sa relationship nila.

Ang binata ang naunang bumasag sa

katahimikan. "Nakita niya ang anunsyo sa diyaryo. She thought I would back out of the engagement at the last minute kaya nagulat siya nang makita niya na tuloy ang pagpapakasal natin."

Tumango si Nadine. "Ayos lang 'yon. Matagal ko nang hinihintay ang pagpunta niya sa 'kin even after the will reading."

Nagtatakang tinitigan siya nito pero hindi niya sinalubong ang nagtatanong nitong mga mata. "What do you mean?"

"Una sa lahat, marami rin siyang ibinigay na interview sa press tungkol sa pambibiktima ko sa 'yo." Napangiwi si Bryce sa narinig. "Saka sinabi noon sa akin ng papa mo na sabay na nagkagusto sa kanya ang mama mo at ang kapatid niyang si Celina. Palagay ko naman, obvious kung sino talaga ang mahal ni Simeon. Nang mamatay ang mama mo, your father believed na umasa ang Tita Celina mo na mapupunta na kanya ang atensyon ni Simeon pero—"

"Pero dumating ka?" malamig na sabad ng lalaki.

Napasulyap dito si Nadine at tinapos ang sasabihin, "Pero hindi niya mahal si Celina. Kahit

kailan, hindi nagbago ang nararamdaman ng papa mo para sa mama mo."

Ilang sandali silang muling natahimik bago narinig ni Nadine ang pagkilos nito. Akala niya ay aalis na ito kaya nagulat siya nang maramdaman ang mga daliri nito sa pisngi niyang sinampal ni Celina. Napatingin siya sa binata at nagkatitigan sila.

Nakalimutan niyang huminga nang mabasa niya sa mukha nito ang magkakahalong mga emosyon ng bitterness, pangungulila at pagnanasa. Maliban sa bitterness, kilala na niya ang huling dalawang emosyon na nababasa niya rito. Ilang beses na ba siyang nakaharap ng mga lalaking tumingin sa kanya na ganito ang mga hitsura?

Imbis na mandiri siya kagaya ng naramdaman niya para sa mga lalaking iyon, bumilis ang tibok ng kanyang puso at nanuyo ang mga labi niya. Hindi niya mapigilang alalahanin ang unang halik nila na pinipilit niyang kalimutan.

Pero ano ba ang iniisip niya? Tila nahimasmasan, umatras siya mula sa lalaki na parang nagpagising naman sa ulirat nito. Tumalon ang isang ugat sa panga ni Bryce bago nagbaba ng tingin at lumayo rin sa kanya.

"I'll see you at the wedding," sabi na lang nito.

Mabining tumango rito si Nadine na napakabilis pa rin ng tibok ng puso. "Oo. Ikaw na ang bahala sa lahat."

Tinapunan siya ni Bryce ng isang huling sulyap bago bumuntong-hininga at umalis. Pagkasara ng pinto ng opisina niya ay napahawak ang dalaga sa dibdib niya at napapikit.

Hindi dapat mahulog ang loob niya kay Bryce De Guia. Hindi siya dapat paloko sa mga pangakong hindi magkakaroon ng kahit na anong katuparan. Pakakasalan lang niya ito para maibalik sa pamilya nito ang utang-na-loob niya kay Simeon. Iyon lang at wala nang iba.

SA KABILA NG PAGTUTOL ng mga kamag-anak ni Bryce, natuloy rin ang kasal ng lalaki kay Nadine. Sa reception, magkasamang hinarap ng mga bagong kasal ang media na inimbitahan nila. Parte iyon ng plano upang hindi sila mapaghinalaan ng mga abogado na nagkukunwari lang. Pagkatapos ng mini-press conference, iniwan na si Nadine ng asawa upang makipag-usap sa ilang potential na kasosyo nito na dumalo sa kasal.

Naiwan siyang nag-iisa sa gitna ng maraming bisita; wala sa mga ito ang gustong lumapit sa kanya. Almost all of them knew about her history at kung paano niya sinulot ang kayamanan ng buong angkan ng mga De Guia in a blink of an eye. Pero wala siyang pakialam sa mga ito.

"Mabuti pa, isayaw na muna kita."

Napakurap ang bride at napaharap sa pinanggalingan ng boses. Nakita niyang nakangiti sa kanya ang best man na si Edric. She liked Bryce's friend at nakatulong ito nang malaki sa kanya sa paghahanda para sa kasal. Walang panghuhusga sa mga mata nito at wala ring expectation, he was just determined to become her friend. Magaan ang pakiramdam niya rito dahil hindi nito ipinararamdam sa kanya na isa siyang malaking manloloko.

Nginitian ito ni Nadine at naglahad ng kamay. "Sure, why not?"

Maraming bisita ang napatingin sa kanila nang magsimula silang magsayaw sa dance floor; ang iba ay nagbubulungan pa. Hindi niya pinansin ang mga ito.

Para namang nabasa ni Edric ang iniisip niya. "Hindi ka naman siguro naaapektuhan ng masamang

impression nilang lahat sa 'yo, di ba?"

Isang maliit na ngiti ang ibinigay niya kay Edric. "Sanay na 'ko kaya nga hindi ko na lang sila pinapansin."

Napailing ito. "Hindi ka dapat iniwan na lang dito ni Bryce nang basta-basta. Nasaan na ba ang kumag na 'yon?"

"Pabayaan mo na siya, may kinakausap siyang mga potential business associates," aniya. "Ayokong makaabala sa kanya."

Masusing pinag-aralan ng binata ang kanyang mukha bago muling napailing. "Hindi ko talaga maintindihan kung bakit ang tanga-tanga ni Bryce pagdating sa 'yo."

Napakurap si Nadine sa sinabi ng kausap. "Excuse me?"

"Sana lang," seryosong pagpapatuloy nito na parang hindi siya narinig, "alagaan mong mabuti si Bryce. Kahit gan'on siya, hindi naman siya masamang tao."

Pero bago pa siya nakasagot ay isang pamilyar at malamig na boses ang sumabad sa kanilang pag-uusap. "Am I interrupting something?"

Tumigil sa pagsayaw ang dalawa at napatitig sa iritang mukha ni Bryce na nakatayo na sa tabi nila. Isang pilyong ngiti ang sumilay sa mukha ni Edric. "Bakit? Selos ka?"

"Don't be an idiot," angil ni Bryce sa kaibigan. "Sumama ka sa 'kin at may pag-uusapan tayo. This is business!"

Napabuntong-hininga ang best man at napilitang magpaalam sa bride. Pilyong kinindatan pa siya nito. "I'm sorry, Nadine, pero sinusumpong na naman ang asawa mo."

"Edric..." muling angil ng groom.

Umiling lang si Nadine kay Edric habang nangingiti. "It's okay. I'm sure it's important."

Binigyan siya ni Bryce ng isang pekeng ngiti bago isinama sa isang sulok si Edric para makapag-usap ang mga ito at hindi niya napigilan ang mapabuntong-hininga habang pinapanood ang dalawa. Naiinis siya sa sarili dahil hindi niya mapigilang masaktan nang kaunti sa inaasal ng lalaking pinakasalan. Mula pa kanina sa simbahan, ang sama na ng tingin nito sa kanya.

Dapat siguro ay inasahan na niya ang bagay na iyon. Hindi iba ang tingin ni Bryce sa kanya, tulad

din ito ng iba. At may dahilan ito para magalit dahil napilitan lang ito na pakasalan siya. Damn Simeon and his schemes! Kung sinunod lang ng matandang iyon ang gusto niya at hindi siya iniwanan ng kahit na ano, hindi na sana nangyari ang lahat ng ito. Tahimik na sana siyang namumuhay ngayon.

"Ang suwerte ko naman yata ngayon," bati sa kanya ng isang di-pamilyar na baritonong boses mula sa likuran niya. Hinarap iyon ni Nadine at nakita ang isang makisig na lalaking binibigyan siya ng isang charming na ngiti. "Naabutan kong nag-iisa ang bride at hindi kasama ang groom niya. This is quite an opportunity. May I have this dance?"

Pinigilan niya ang magkibit ng mga balikat. Malamang isa lang ito sa business associates na inimbitahan ni Bryce sa kasal. Karamihan sa mga inimbita ng asawa niya ay mga negosyante rin at mga potential clients para masimulan kaagad nito ang pagkontrol sa mga kompanya ni Simeon.

Pormal siyang tumango at tinanggap ang alok nito. "Of course, Mister…?"

"Austin," nakangiti pa ring sagot nito. "Austin Cortez."

There was something about this man that she

didn't like especially when she met those cold pair of eyes. Nagpapaalala ang mga iyon sa kanya ng isang pangit na karanasan mula sa nakaraan niya. Pero kailangan niyang tiisin ang pagkikita nilang ito para maiiwas niya sa eskandalo si Bryce.

"JUST WHAT the hell did you think you were doing?" singhal ni Bryce kay Edric nang makaladkad niya ito sa isang parte ng banquet hall na walang katau-tao. "Alam mo ba kung ano ang ginagawa mo kanina?"

Umikot ang mga mata ng kaibigan dahil sa inaasal niya. "Of course, alam ko kung ano ang ginagawa ko kanina. Isinasayaw ko lang naman ang asawa mo, ah?"

Parang aatakihin ng epilepsy ang kanyang hitsura dahil sa sagot nito. "Kamusta naman ang ipinagagagawa ko sa 'yo? Hindi ba mas dapat mong pagtuunan ng pansin ang mga higit na importanteng bagay kaysa mga bagay na insignificant? Like paying attention to someone else's wife?"

Malamig na ibinalik nito ang mabangis na tingin ng kaibigan. "Kung hindi mo siya pinababayaan na mag-isa sa gitna ng maraming tao na hindi naman

niya gusto, hindi ako maaawa sa kanya nang gan'on," katuwiran ng kaibigan.

Napasimangot si Bryce pero napaiwas siya ng tingin. Ang totoo, wala siyang ibang gustong gawin kundi ang dumikit kay Nadine buong gabi pero pride ang pumipigil sa kanya. Kahit kanina sa simbahan, pagkakita pa lang sa babae, pakiramdam niya ay matutunaw na siya. Nagagalit siya sa sarili dahil sa lakas ng kontrol ng bagong asawa sa kanya.

"May pinag-uusapan lang kaming importante ng mga investors ko," depensa niya sa sarili.

"Yeah, right. Pero sino ba'ng niloloko mo?" sarkastikong balik ni Edric. "If I'm not mistaken, nagseselos ka sa akin because you're already in love with Nadine," patuloy nito na derechong nakatingin sa kanya. Napansin na nito iyon sa unang pagkakataon na nakilala nito ang babae nang makitang madilim ang mukha ng kaibigan sa pagkakatingin sa kanila.

"No, I'm not!" gitgit ang mga ngipin na angil niya.

"Hah! Tulak ng bibig, kabig ng dibdib!"

"Shut up, Edric!"

Tumingin ito sa dance floor. "Look, hindi ko

alam kung bakit mo siya iniiwasan, but I suggest that you stop acting like a ten-year-old at bantayan mo ang asawa mo. Tandaan mo, may mga kaaway ka rin dito. At magiging napakasaya para sa kanila ang gamitin si Nadine para mapahiya ka."

Ibinalik ni Bryce ang tingin sa kaibigan. "Kaaway?" inis na tanong niya, hindi pa rin maialis ang selos sa dibdib mula nang makita niya itong hinahawakan ang asawa niya. Naalala rin niya ang unang pagkakataon na nagkakilala ang dalawa nang ngitian ito ng babae. "Sino sa kanila ang maglalakas-loob na lumapit kay Nadine?"

Ngumisi ito. "Why don't you turn around and see it for yourself?" Sumenyas ito sa direksyon na tinitingnan.

Pakiramdam ni Bryce, biglang sumulak ang dugo niya nang makita kung sino ang kasayaw ni Nadine. Kung gaano man ang naramdaman niyang inggit at selos kanina nang makita niyang isinasayaw ni Edric ang asawa, naging triple pa iyon nang makilala niya kung sino ang kasayaw nito ngayon. Ni hindi na siya nakapagpaalam sa kaibigan; bago pa niya namalayan ay papalapit na siya sa dalawang nagsasayaw at halos wala sa sariling inagaw si Nadine mula sa mga bisig ng pinakamatindi niyang karibal.

Nagulat ang bride sa ginawa niya. "Bryce?" nagtatakang tanong nito sa kanya.

Mahigpit na hinapit niya ang katawan nito sa sarili at ninamnam ang lambot at init nito habang tinitingnan nang masama si Austin Cortez.

Binigyan siya ng lalaki ng isang nakakalokong ngisi saka siya binati. "Bryce, pare! Kamusta ka na? Long time, no see."

"You were never my friend," malamig pa sa yelo na balik niya rito habang lalong inilalapit sa sarili ang asawa. "Ano sa palagay mo ang ginagawa mo rito?"

"Isn't it obvious?" nakakalokong tanong ni Austin. "Nakikipagsayaw lang naman ako sa bride."

"You have no right to touch anything that's mine! Ano ba talaga ang ginagawa mo rito? I don't remember inviting you to my wedding!" he retorted.

"Ikaw naman, masama bang batiin kita sa araw ng kasal mo?" nang-aasar pang tanong nito.

"Umalis ka na," utos niya habang nanlilisik ang mga mata sa pagkakatingin dito. "Umalis ka na bago pa kita ipakaladkad palabas."

Nagyelo ang mga mata ng tusong si Austin.

"We'll see about that." Ngumiti ito at tumango nang magalang sa bride bago nagpaalam. "I'll see you around, Nadine."

Hindi kumibo si Nadine, pinanood lang ang pag-alis nito. Gustong bombahin ni Bryce ng mga tanong ang asawa at alamin kung anu-ano ang mga pinagsasasabi ni Austin dito, pero mabilis siyang inunahan ng babae.

"Huwag mong ituloy," utos nito, nakangiti pero malamig ang mga matang nakatingin sa kanya. "Just smile at magsimula na tayong magpaalam sa mga bisita. Sa bahay na tayo mag-usap."

Napilitan siyang lunukin ang mga salitang gusto niyang sabihin. At bilang babala sa mga lalaking pinagnanasaan ang bagong asawa at patuloy na pagkukunwari sa mga bisitang nasa paligid nila, siniil niya ng halik si Nadine sa labi. Isang marahas na halik iyon na napalitan ng kasabikan.

Nang maramdaman niya ang pagsagot nito sa mga halik niya, para siyang masisiraan ng bait na lalo pang nilaliman iyon at hinigpitan niya ang yakap dito. Kung hindi dahil sa malakas na palakpakan at mga sigawan ng mga tao sa paligid nila ay baka kung ano na ang nagawa niya.

Nang makita ang namumulang mukha ng asawa niya at ang galit sa mga mata nito, nagising siya mula sa kanyang ilusyon. Bakit ba parati na lang niyang nakakalimutan? They were just pretending.

Tahimik ang naging biyahe nila papunta sa mansion kung saan nila napagkasunduang tumira habang kasal sila. Walang honeymoon na mangyayari; hindi na nila kailangan iyon. Maraming mga bagay na dapat ayusin sa mga negosyo nila na hindi nila puwedeng pabayaan. Pero pagkarating nila sa bahay ay kaagad sinundan ni Bryce ang asawa sa kuwarto nito na katabi lang ng silid niya.

"I can't believe na nagpahawak ka sa lalaking 'yon at hinayaan mo pang isayaw ka niya!" galit na galit na panimula ni Bryce. "What were you thinking?"

Exasperated na bumuntong-hininga si Nadine habang hinuhubad ang mga alahas na suot nito. "Puwede ba, Bryce, huminahon ka. Ni hindi ko nga kilala ang lalaking 'yon; kanina ko lang nalaman ang pangalan niya. Ang akala ko, kasama siya sa mga inimbitahan mo—"

"Oh, ang ibig mong sabihin, balak mong isayaw ang lahat ng mga lalaking inimbita sa kasal natin kanina?"

"I only wanted to help you," mahinahon pa ring sagot ng babae. "Alam ko naman kung bakit mo inimbitahan ang mga taong 'yon sa reception. Tama lang na gustuhin mong i-establish ang kontrol mo sa mga kompanya ng papa mo sa pamamagitan ng pagpapaunlad dito."

"Fine then, pero hindi ibig sabihin na kailangan mo silang isayaw isa-isa!" sigaw ni Bryce.

Nagtatakang nagtaas ito ng kilay. "I'm just doing my part as your wife."

"Oh, how very considerate of you!" angil niya, hindi maitago ang selos na kumakain sa kanya nang buhay simula pa nang mag-umpisa ang arrangement nilang ito. "I suppose you'll sleep with them too kung makakatulong 'yon sa 'kin?"

"Bakit?" she answered sharply, halatang na-offend sa mga sinabi niya. "Gan'on din ba ang ginagawa mo kapag nakikipag-areglo ka ng business deals sa mga kliyente mo?"

"That's different!"

"And you're stupid."

Hindi nakapagpigil si Bryce at napakapit sa siko ng asawa. "Ayokong malaman na lumalapit-lapit ka

sa lalaking 'yon. Naiintindihan mo ba, Nadine?"

Tinitigan siya nito sa mga mata pero wala na ang galit doon. Para itong may kung anong hinahanap sa kanyang mga mata na hindi niya maipaliwanag. Kung anuman ang nakita nito roon, naging dahilan ito para dumaan ang unawa sa maganda nitong mukha at malumanay na hinagod ng palad nito ang isang pisngi niya.

"Ano ba kasi ang ikinakatakot mo, Bryce?" bulong nito. "Huwag mong sabihin sa 'kin na takot ka sa taong 'yon?"

Tama ito pero hindi para sa mga rason na marahil ay iniisip nito ngayon. Natatakot si Bryce sa potential threat ni Austin sa asawa niya. Kilalang manggagamit at heartbreaker ang karibal niya sa negosyo at naninira rin ito ng reputation ng mga babae. Ayaw sana niyang sabihin kay Nadine ang tungkol doon para hindi ito mag-alala pero nang hawakan siya nito, pakiramdam niya ay natunaw ang kanyang mga tuhod.

Napalunok siya. "Nadine—"

"It's all right," putol nito habang natatawa. "Your private life is of no interest to me, remember? Nakasulat sa kontrata na entitled tayong dalawa sa

privacy natin."

Napakabilis ng tibok ng kanyang puso habang tinititigan ang kabiyak at muling bumalik sa kanya ang matinding gutom at kakaibang pagnanasa na protektahan ito.

"Ayokong may lumalapit pa sa 'yong kahit na sinong lalaki. Naiintindihan mo ba, Nadine?" bigla niyang sinabi.

Nagtaas nang bahagya ang mga kilay nito pero kaagad din iyong nawala. Other than that, wala pa ring reaksyon mula rito. "Lasing ka na yata. Matulog ka na, Bryce."

Pero hindi pa siya tapos.

"Sino ka bang talaga?" anas niya saka napalapit dito ng isang hakbang. "Ano ba'ng ginagawa mo sa 'kin? Bakit ba kahit na ano'ng gawin ko, parang hindi mo 'ko napapansin?"

"You're—"

"Were you my father's mistress?" desperadong sabad niya, sabay hawak sa mga balikat nito. "Please, sabihin mo sa 'king hindi totoo… Kung sasabihin mo sa 'kin ngayon na hindi 'yon totoo, maniniwala ako sa 'yo, Nadine!"

May dumaang emosyon sa mga mata ng asawa nang mahawakan niya ito. Takot? At parang nanginginig ang mga balikat nito. Pero nalimutan niya iyon nang makita niya ang mahinang panginginig ng mapupulang labi nito. Hindi niya napigilan ang sarili niya na halikan ang mga ito….